



---

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Abril 24, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

### **Isinara ang mga panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa pagpapalit ng pananim, pamamahala ng kagubatan, pagpuputol o pagbawas ng orchard, at pamamahala ng range**

**SAN FRANCISCO** - Iaanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Bay Area) na isasara ang pinahihintulutang mga panahon ng pagsusunog para sa pagpapalit ng pananim, pamamahala ng kagubatan, pagpuputol o pagbawas ng orchard, at pamamahala ng range sa Bay Area sa Lunes, Abril 30.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang PAGESUSUNOG kapag pinaiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin (Spare the Air Alert)*.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang sunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatagala bilang araw ng PAGESUSUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang itakda sa mga itinatag na panahon ng pagsusunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paglalabas ng Balita](#)